# 1

"I hope you know CPR because you take my breath away," anang isang malalim na tinig mula sa likuran ni Yammie.

Her head was pounding to the beat of the loud music playing in that smoky bar and the last thing she needed was a guy trying to pick her up. She did not want to be at the victory party of the *Colt 45* basketball team pero hindi niya natanggihan ang paanyaya ni Randy Tayag, ang head coach ng mga ito.

Kanina pa siya nakaupo sa isang stool sa harap ng bar. Bored na bored na siya at nagbibilang na lang ng minuto para makaalis na sa lugar na iyon. She did not even try to mingle with anyone, dahil wala naman talaga siyang kakilala roon maliban kina Coach Randy at Dr. James.

Bilib din naman siya sa apog ng lalaki na may lakas ng loob na magsabi ng pinaka-corny na pick-up line na narinig niya. Wala siyang kilala na disenteng lalaki na makakapagsabi ng linyang iyon, unless the man was a total loser. Iyon ang ayaw niya sa mga ganitong klase ng lugar. Men who were looking for

an easy lay on the hay.

Nagpakawala siya ng isang buntong-hininga at saka bumaling dito. Nakaharap niya ang three-time Most Valuable Player ng *PBA* na si Bryan "The Bomber" Cataquis. Muntikan na siyang malaglag sa kinauupuan niya. Her heart slammed into her ribs.

She could not believe her ears at hindi naman siguro siya nalasing sa iced tea na kanina pa niya sinisimsim. Ipinikit niya nang mariin ang mga mata at saka ulit iyon binuksan. Pero walang nagbago, in front of her was the hardcourt heartthrob who just uttered the lamest pick-up line she had ever heard.

She knew him personally. Ngunit ngayon lang ulit sila nagkaharap ni Bryan makalipas ang mahigit sampung taon. Pinasadahan niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa. One thing she immediately noticed was the tribal tattoo which almost covered half of his left arm. She could not help but admire how good-looking Bryan had become. Of course, guwapo na ito kahit noon, pero iba ang dating nito ngayon.

Napapanood niya ito sa TV paminsan-minsan pero hindi niya inakala na ganito kalakas ang dating ni Bryan kapag isang metro lang ang layo nito sa kanya. His boyish looks then was gone but his killer

dimples and smile which could melt any woman's heart, were still there.

Ngumiti pa ito sa kanya. Halatang nagpapa-cute. It was a complete contrast to his bad boy persona in the hardcourt. Nang mabakante ang stool sa tabi niya ay naupo ito. She looked at him, waiting for some sign of recognition from him. But *zilch*!

She could not believe the gall of the man! It was obvious na hindi siya nito nakilala. Siguro akala ni Bryan ay isa siya sa mga babaeng nagkakandarapa rito at isang salita lang mula rito ay papayag na siyang matulog sa tabi nito. She was also puzzled by his action. Hindi na nito kailangan pang mag-pick-up ng babae sa bar dahil tiyak na may mahabang pila na sa labas para sa atensyon nito.

"Parang paubos na iyang drinks mo. Would you like me to buy you a drink?"

Nanatili siyang nakatingin dito. *Wala ka pa ring ipinagbago, Bryan. You're still as dense as ever.*

So instead of introducing herself, she stood up and said, "I'm sorry but I don't talk to strangers." Then, she turned her back on him and left.

---

Habang nagda-drive siya pauwi sa kanyang apartment, hindi pa rin matanggap ni Yammie na hindi siya nakilala ni Bryan. Natatawa siya na naiinis.

"Ganoon ba talaga ako ka-wallflower noong high school tayo kaya hindi mo na ako maalala?" malakas na tanong niya. Na parang nakaharap siya sa binata at hindi sa kalasada.

They practically grew up together dahil mula nursery ay pareho na silang sa *St. Bridget's College* sa Batangas City nag-aral. Colleagues pa ang kanilang mga ama sa *St. Patrick's Hospital*. Ang kanilang ina ay parehong aktibong miyembro ng *Batangas Ladies' Club*. In short, magkakilala ang pamilya nila. How could he not remember her?

First honor naman ito palagi sa school nila kaya hindi niya puwedeng isipin na bobo ito. Baka naman lumaki na ang ulo nito dahil sa kasikatan kaya nakalimutan na ang mga tao mula sa nakaraan nito? Or, baka naman talagang babaero lang ito kaya hindi na maalala ang mukha ng mga babaeng nakadaupang-palad na nito. Marami siyang nababasang artikulo sa mga diyaryo at magasin na iba't ibang babae na ka-date ng basketbolero.

Hindi naman siguro ganoon kalaki ang ipinagbbago ng hitsura ni Yammie. Ang alam niyang

malaking pagbabago lang sa kanya ay ang kanyang height. She was just 4’7” when he last saw her but Bryan still dwarfed her height of 5’4” with his 6-foot-4-inches frame. Hindi pa rin kataasan pero puwede na dahil mas matangkad na siya sa karaniwang Pinay. Wala nang makapagsasabi sa kanyang ‘pandakekok.’

Napailing siya sa pagkadismaya. Hanggang ngayon, pagdating kay Bryan, height pa rin ang insecurity niya. Hindi lang kasi height ang nanliliit sa kanya, pati na rin ang self-confidence niya.

She remembered the pain that he caused her. Bryan Cataquis, the star player of their school’s varsity team was her first love. Patay na patay siya rito noon. Nang mag-fourth year high school sila ay nakaipon siya ng lakas ng loob na ipagtapat ang saloobin dito pero wala namang ibinungang maganda iyon. All he did was apologize profusely after her little revelation.

Napailing siya sa alaala. Napaka-naïve niya noon. Hindi naman sana niya ipagtatanim ng sama ng loob at galit ang pagtanggi nito sa kanya. Oo nga at nasaktan ang puso at pride niya pero ipinasya niyang ipakita kay Bryan ang magaganda niyang qualities at nagbakasakaling ma-in love din ito sa kanya. Ganoon siya kabaliw rito noon.

Sa tingin naman niya ay hindi siya nahuhuli sa mga naggagandahang babae na umaaligid kay Bryan. Maganda rin naman siya. Madami nga siyang mga kaklase na naiinggit sa puti at kinis ng balat niya. Ang problema nga lamang ay medyo may kaliitan siya; hanggang kili-kili lang siya ni Bryan.

But what really angered her was their 'little talk' being gabbed in every corner of the school. The next day, she saw looks of pity and disgust written in the faces of her schoolmates.

Pinagkaisahan pa siya ng mga babaeng may gusto rin kay Bryan. Isa roon si Carissa na matagal na siyang pinag-iinitan. Siyang-siya ito sa pagkukuwento sa kanya ng lahat ng pinag-usapan nila ni Bryan. Pathetic daw siya. For a sixteen-year old girl, she was a total slut daw. Hindi daw siya mata-type-an ni Bryan kasi pandakekok siya. Halos magdilim ang paningin niya nang mga panahong iyon. Ngunit nangibabaw ang sakit na nadarama niya.

Hindi pa rin siya makapaniwala na masasabi lahat iyon ni Bryan kaya naisip niyang i-confront ang lalaki at halos magkandabulol ito sa pag-e-explain sa kanya. Hindi naging maganda ang paliwanag nito. Hindi raw nito alam kung paano kumalat ang

pinag-usapan nila. Hindi naman siya naniwala dahil sila lang dalawa ang magkausap and definitely, hindi siya ang magkakalat noon! Galit na galit siya sa lalaki.

Matapos ang dalawang pinakamasakit na araw sa buhay ni Yammie, ay kusa na siyang lumayo kay Bryan. Umepekto sa kanya ang mga pang-aalipusta ng mga karibal niya sa atensyon ng lalaki, kaya hiyang-hiya siya. Hindi nga siguro magandang tingnan na isang babae ang maghayag ng pag-ibig para sa isang lalaki. Pero sa tingin niya ay mas mali ang ginawa ni Bryan kaya halos isumpa na niya ito sa inis. Akala niya ay mabuting tao ito, iyon pala matapos ang pag-uusap nila ay pinagtawanan at nilait pa siya sa harap ng mga babae nito. Baka nga sa buong eskuwelahan pa! Feeling niya ay napakababa ng tingin ng mga tao sa kanya.

Gusto nga niyang magpalipat ng school, pero hindi pumayag ang kanyang mga magulang. Dahil pareho silang nasa top section ni Bryan ay hindi maiiwasan na magkadaupang-palad sila kaya gumawa ng paraan si Yammie na umiwas dito. Kapag nagkatabi sila sa seating arrangement ay magre-request siya sa teacher na mapalipat ng upuan. Kapag nagkasama sila sa isang group project ay nagpapalipat din siya ng grupo. Kung hindi pumayag

ang kanilang guro, hindi na lang niya kinakausap si Bryan. Dinedma niya ito.

Laking pasalamat niya nang maka-graduate na sila at alam niyang hindi na niya makikita pa muli si Bryan dahil magkaiba sila ng universidad na papasukan.

Si Bryan ay sa *UST* nag-aral at siya naman ay sa *UP-Manila*. Kagaya niya ay pre-med din ang kursong kinuha nito dahil alam niyang gusto rin nitong mag-doktor. Mula si Bryan sa pamilya ng mga doktor at ang mga ito ang may-ari ng *St. Patrick's Hospital* sa Batangas kaya ikinagulat niya nang mabalitaan na hindi na nito ipinagpatuloy ang pag-aaral ng medisina at naging professional basketball player ito.

Nang lumipas ang panahon ay naging abala na si Yammie sa pag-aaral ng medisina at sa tingin naman niya ay nakalimutan na niya ang kabaliwan niya kay Bryan kaya tinanggap niya ang trabaho bilang part-time doctor para sa team nito. Isa siya sa team of doctors ng *Colt 45* basketball team.

She was an orthopedist, isang doctor na ang specialization ay ang buto ng mga tao. Palibhasa ay malaki ang chance na mabalian ang isang player kaya kailangan ng mga ito ng isang doktor na kagaya

niya. Sa pangungulit ng kanyang Ninong James na head doctor ng *Colt 45* team ay napapayag din siya two months ago. Ayon dito, in case of emergencies lang daw siya on-call. So she need not see Bryan unless necessary.

What she did not realize was, accepting that job may be the biggest mistake of her life. Hindi man niya aminin sa sarili ay nagsimula na namang magulo ang utak niya nang magkita sila ni Bryan kanina sa victory party ng mga ito. One thing she was sure of though, she would not allow Bryan to play with her feelings again.

Still, hindi niya mapigilan ang mapangiti. Hindi niya makakalimutan ang expression sa mukha ni Bryan bago niya ito tinalikuran. Nalaglag ang panga nito at mukhang hindi makapaniwala sa narinig mula sa kanya. In a way, parang nakaganti siya sa ginawa nito sa kanya noon.

“Damn! That felt really good!” Napabungisngis na si Yammie nang tuluyan.

# 2

Yammie had almost forgotten her reunion with Bryan when he walked in at *Alba's Restaurant* kung saan kasalo niya sa lunch ang bestfriend niyang si Brita. Naging kaklase niya ito sa *UP-Manila*. Pareho rin silang sa *PGH* nag-internship at ngayon ay sa *Delgado Hospital* nagre-residency. Pediatrics ang napiling specialization nito.

"The Paella Valenciana here is really good, 'no?" komento ni Brita habang kumukuha sila ng masasarap na Spanish food sa buffet table.

Hindi siya kaagad nakasagot sa tanong nito dahil napatulala siya sa pagpasok ni Bryan mula sa entrance ng restaurant. Kaagad na nagtama ang kanilang mga mata at nginitian siya nito. Nagsirko ang puso niya. Hindi niya maintindihan kung bakit parang masaya pa ito na nagkita silang muli o baka naman hindi na siya nito naaalala.

"Paging Dra. Yammie Saracho. Please proceed back to earth immediately." Tinapik pa siya ni Brita habang ginagaya ang paging system sa hospital.

"Ha?" Napakurap pa siya ng mga mata upang

ihiwalay ang tingin kay Bryan. Saka pa lamang niya nilingon si Brita.

"Lagay ka nang lagay ng pagkain diyan sa plato mo. Kaya mo bang ubusin iyan?" Inginuso ni Brita ang plato niyang hawak. Pagtingin niya sa hawak ay punong-puno na nga ito. Inaya na niya itong maupo sa isang table.

"What's the matter with you? Noong isang araw pa kita napapansin na parang wala sa sarili," untag ni Brita habang sinisimulan ang pagkain.

Hindi naman niya maiwasang tingnan si Bryan na kumukuha na ng pagkain. She leaned over and whispered, "Do you remember the guy I told you about? The guy I was totally in love with in high school and the one who said the lamest pick-up line I've ever heard the other night?"

"Yeah. Why?"

"They're one and the same and…he's here."

"What? Where?" Napahumindig si Brita at lumingun-lingon.

"The guy at the buffet table."

Namilog ang mga mata nito nang makita si Bryan at napaawang ang bibig. "But… but that's

Bryan Cataquis! The gorgeous basketball player. Do you mean he *is* the guy? Well, well, well. Hindi naman pala kita masisisi kung bakit ka na-in love sa kanya dati. He's hot!" May sumilay na pilyang ngiti sa mga labi nito.

Tango lamang ang naisagot niya sa kaibigan.

And as if fate was really doing a practical joke on her, he sat at the table next to them. Marami namang bakanteng mesa pero roon pa nito naisipang maupo. Lalong sumasal ang pintig ng puso niya. Ang mga mesa ay nakaayos na halos magkakadikit kaya mukhang magkatabi sila ni Bryan. Pinilit niyang umakto nang normal. Ayaw niyang tingnan ito. Ang mga mata niya ay itinuon niya sa kaisa-isang tahong na nakahalo sa paella valenciana niya.

"Hi!" bati nito. Gusto niyang paluin ang kamay niya dahil medyo nanginig pa iyon nang marinig niyang magsalita si Bryan.

Kaswal na tiningnan niya ito. Tinanguan lamang niya ito at nagpatuloy sa pagkain. Tensed na tensed siya. Hindi niya tuloy malasahan ang pagkaing isinusubo niya.

Mayamaya ay narinig niyang nagsalita itong muli. "Aren't you tired yet?"

Nagtatakang tiningnan niya ito. Kumunot ang noo. Nagsalubong ang mga kilay niya. Hindi ba ito makahalata na hindi niya ito gustong kausapin? Masyado itong istorbo. *Masyadong guwapo.*

"What?" naiinis niyang singhal.

"You've been running in my head since the last time I saw you," nakangiting sabi nito.

Si Brita ay napahagalpak ng tawa. Pati naman si Bryan ay napatawa na rin. Pakiramdam tuloy niya siya ang pinagtatawanan ng mga ito dahil hindi niya maintindihan ang sinabi nito. Mabuti na lamang at ini-explain sa kanya ni Brita.

"Sis, hindi mo ba gets? Iniisip ka daw niya since the last time he saw you. Another pick-up line!" May pilyang kislap sa mga mata ni Brita.

Napatingin siya kay Bryan. Lalong lumuwang ang pagkakangiti nito. Obviously, hindi pa rin siya nakilala nito bilang high school classmate nito at mas maliwanag pa sa sikat ng araw kung gaano talaga ito ka-dense. He looked like a gorgeous fool grinning at her like that.

Namula ang mga pisngi ni Yammie. Ibinagsak niya ang kubyertos sa plato. Napatayo siya sa inis. Halos hindi bumuka ang bibig niya sa pagsasalita.

"How dare you hit on me with those lame pick-up lines. Well, let me tell you, dude. It ain't gonna work."

Pagkasabi noon ay tinalikuran niya ito at naglakad palabas ng restaurant. Sumunod naman sa kanya si Brita dahil tapos na rin silang kumain.

Narinig niyang pahabol ni Bryan sa kanya. "Hey, miss! Puwede bang malaman ang pangalan mo?" Hindi na niya ito pinansin.

At kamalas-malasan naman ay nakasalubong niya sa may pintuan si Carissa, ang babaeng atat na atat kay Bryan since high school at ang nanlait sa kanya noon. Hindi na sana niya ito papansinin pero ito ang unang nagsalita.

"Hey! Do I know you?" antipatikang tanong nito.

Tinaasan niya ito ng kilay. Tiningnan ito mula ulo hanggang paa. "No, you don't."

---

"What's so funny?" angil ni Yammie kay Brita. Pabalik na sila sa ospital ay tawa pa rin ito nang tawa.

"You! The two of you! Sasakit ang tiyan ko

sa inyo, promise! I could almost see sparks flying between the two of you. Bakit mo naman kasi sinopla? Guwapo, mabango at saka sikat. Ano pa'ng hahanapin mo? Buti nga ganoong klase ang gustong makipagkilala sa iyo."

"Mayabang masyado! Hindi siya namimili ng pi-pick-up-in niya. Puwede ko siguro siyang patawarin sa hindi niya pagka-recognize sa akin sa bar dahil medyo madilim ang lugar na iyon, but not this time! He didn't recognize me in broad daylight! My God! How stupid can a guy be!" Naitampal niya ang palad sa manibela sa inis. Hanggang ngayon ay kumukulo pa rin ang dugo niya sa ginawa ni Bryan at sa pagtatagpo nila ni Carissa.

"Sis, if I know nasaling lang iyang pride mo na hindi ka niya nakilala. You have to give the guy a break. Medyo dim 'yung lighting ng resto. Besides, how could he recognize you? I saw your picture when you were in high school. You wore glasses and had braces then. Oo nga at pareho pa rin na flawless at milky ang complexion mo at pareho pa rin na shoulder-length with bangs ang hairstyle mo. But I'm telling you, malaki na ang ipinagbago ng hitsura mo."

"I see your point, but that doesn't give him the

right to make a pass at me again. After I snobbed him at the party, siguro dapat na-gets na niya na hindi ko siya type.” Nanghahaba pa rin ang nguso ni Yammie.

“Hindi nga ba? Can’t you see that the guy is really attracted to you? Hindi gagawin ng isang guwapo at sikat na personality ang magpahangin sa isang babae kung hindi siya talaga tinamaan sa ’yo. By the way, who was that maangas na girl?”

“That *maangas* na girl is none other than Carissa Marquez.”

“You mean, the girl who did all those mean things to you in high school? Kaya naman pala ganoon ang ginawa mo. Good for you!” Tumangu-tango pa ito.

“Let’s stop this nonsense na nga. The topic is getting boring.”

Hindi man niya aminin ay naiilang na siyang pag-usapan si Bryan because on the two occasions that she saw him, the butterflies in her stomach that she thought were long dead, fluttered their wings again. Naririndi siya sa tibok ng kanyang puso.

“Sure. How’s that high school reunion thing coming along? Are you going?”

"Well, I'm still thinking about it." Derecho pa rin ang tingin niya sa daan.

"Ano ka ba! What's there to think about? You have to attend. Di ba, pupunta si Konsehal Ernesto Mandanas? Maybe this is your chance to continue where you two left off."

Napangiti siya. Hindi kaila sa kanya na interesado si Brita sa kanyang childhood friend na si Ernest pero pinipilit nitong maging matchmaker sa kanilang dalawa.

Sa tingin niya ay mas bagay ang dalawa sa ugali at hitsura. Her two dearest best friends were falling hopelessly in love with each other but both were still in denial. Pero hindi magiging matamis ang prutas kung pipiliting mahinog kaya hinahayaan niya ang dalawa na aminin ng mga ito sa sarili nila na in love sila sa isa't isa.

But sometimes she could not help herself meddling with their budding relationship. Naiinip na rin kasi siya. Parang mga pagong ang mga ito kung kumilos. Maganda nga sigurong sumama siya sa high school reunion nila sa Puerto Galera sa darating na Sabado, to give the *Denial* King and Queen a little nudge in the right direction.

"Hoy! Ano'ng nginingiti-ngiti mo diyan? Bakit ba nag-aatubili ka pa rin? Hindi naman daw sasama si Bryan."

Napatingin siya sa kaibigan niya. Nagtaka siya kung paano nito nalaman na hindi kasama si Bryan. Ang kunot sa noo niya ay napalitan ng ngiti.

"Paano mo naman nalaman iyon, aber? Top secret information iyon. Hindi pinapaalam kung ano ang status ng pag-attend ni Bryan sa reunion. Unless… someone in the committee told you, hmm?" Nanunukso ang mga mata. Si Ernest lang ang kakilala ni Brita na kasama sa reunion committee. Malamang ay ito ang nagsabi sa kaibigan ng impormasyong iyon.

Namula ang pisngi ni Brita, hindi nakasagot.

Natawa na lamang si Yammie. "Sasama ako, pero in one condition."

"Ano na nama'ng kondisyones iyan? Kung gusto mong magpa-cover ng shift mo ay walang alinlangan na 'oo' ang sagot ko diyan."

"No worries about that, sis! Naayos ko na ang sched ko with Dr. Perez pati na rin iyong sa 'yo. Sasama ako, kung sasama ka sa akin. Ikaw ang Yammie plus

one ko. Besides, the two of us badly need a vacation. Toxic talaga tayo these past months."

"Talaga? Isasama mo ako?" Halata ang excitement sa mukha nito.

Nakangiting tumango siya. Minsan ay naiinggit din siya kina Ernest at Brita. Kahit in denial, mabuti pa ang mga ito at nakatagpo na ng tunay na magmamahal sa kanila. Siya, twenty-seven years old na ay wala pa rin talagang matatawag na matinong boyfriend. Tatlong taon na lamang ay mawawala na siya sa kalendaryo at mapupunta na sa ticket ng lotto.

Marami namang nanliligaw sa kanya at magkakaroon na sana siya ng boyfriend noong nasa med school pa siya. Ang problema nga lang ay nahuli niya itong may ka-date sa mall kaya naunsyami na naman ang love life niya. Gusto na rin niyang magpatingin sa psychiatrist at itanong kung ano ba talaga ang mali sa kanya. Hanggang ngayon ay kasali pa rin siya sa pederasyon na NBSB, o No Boyfriend Since Birth! Wala talaga siyang mahanap na matinong lalaki. Sabi naman ni Brita ay huwag daw siyang mag-alala at dadating daw ang right guy kapag hindi niya hinahanap. Sana nga.

Natatakot na rin siya minsan dahil parang nawalan na siya ng interes sa love-love na iyan dahil kay Bryan. Masyado siyang nasaktan sa nangyari sa kanya noon. Oo nga at hindi naman sila nagkaroon ng malalim na relasyon para maging malalim ang sugat sa puso niya. But she just could not get over her fear of getting hurt again. Nilagyan na niya ng pader ang puso niya para walang intruders na makapasok.

---

Nawalan na ng ganang kumain si Bryan nang makitang papasok ng restaurant si Carissa. Hindi niya mapigilan ang mainis dahil kahit na anong tanggi niya sa babaeng ito ay hindi makahalata na wala siyang gusto rito. Kaya lamang siya nakikipagkita rito ay dahil business partner niya ito.

When he started to earn his first million, he decided to go into the vintage car selling business. Naging maganda ang takbo ng negosyo niya kaya nang alukin siya ni Carissa upang maging investor sa expansion ng food business nito ay pumayag siya. Hindi lang niya inasahan na lalong lalala ang obsession nito sa kanya dahil doon.

Kanina lamang ay laking-tuwa niya nang makita muli si *Ms. Pink Palms*. Iyon ang ibinigay niyang

nickname sa babaeng una niyang nakita noong party ng team nila. She had the most exquisite hands he had ever seen. They were long, smooth, elegant with pink palms, leading off into nearly translucent fingers. He wondered how it would feel if she touch him.

Maganda si Ms. Pink Palms pero hindi naman ganoon ka-outstanding ang beauty nito, but she had the creamiest complexion he had ever seen. Damn!

She was definitely a stand out in that party. She had this air of mystery around her that everybody in his team noticed her. She was just sitting at the bar and did not socialize. Parang hindi ito sanay sa mga ganoong pagtitipon at napilitan lamang na dumalo.

He wondered what she was doing there and who she really was. It was an exclusive party for the team, pero hindi niya pa ito nakita na kasama ang sinuman sa team nila minsan man. Maybe she was with Coach Randy or Dr. James since she talked to them a bit. After an hour of just drooling over her, napansin niyang naiinip na ito kaya nagmadali na siyang lumapit dito. Natakot siyang umalis ito nang hindi man lang niya nakikilala.

And when he got close to her, his mind went blank because of her smell. God, she smelled good

even from a couple of feet away. It was almost powdery. And it almost took his breath away.

He was so distracted by it that he said the first thing that came to his mind—the cheesiest pick-up line! No wonder, she bolted. She must have thought he was a real psycho.

He was intrigued by her. She was the only female who has ever turned him down and he was challenged. Besides, there was something familiar about her.

Kanina habang kumukuha siya ng pagkain sa buffet table, he was really puzzled. It was as if he had known her for a long time, but he could not put a name on her face. Hindi naman siguro niya ito naging ex-girlfriend dahil tiyak niyang hindi niya ito makakalimutan kung nagkaganoon man.

When he saw the vacant table beside her, he grabbed the chance to talk to her but he blew his chance again by saying another pick-up line. He thought it was really funny and could be a great icebreaker. But apparently, she did not think so.

May white coat itong nakasabit sa upuan at sa tingin niya ay maaaring doktor ito. Pilit niyang sinisilip kanina ang name plate nitong naka-pardible

sa unahan ng coat nito pero hindi niya masipatan. Ang kasama naman nito ay nakasuot din ng white coat at nakita niya ang pangalan ay Brita Cortezon at sa *Delgado Hospital* nagtatrabaho. Malamang ay roon din nagtatrabaho si Ms. Pink Palms. At least mayroon na siyang kaunting lead upang makita niya itong muli.

He was rudely interrupted in his musings nang padabog na naupo si Carissa sa silya sa harapan niya.

"Did you just ask that girl her name?" nakakunot ang noong tanong nito.

"Why? Do you know her?"

"No, but I'm warning you, Bryan. Don't go flirting with that girl. You're mine!" There was an insane glint in her eyes.

Pinagpapasensyahan na lamang niya si Carissa kapag umaakto ito nang ganito. She was not that different from the other girls hanging around him. He had learned that exes were like fungus. They keep coming back. Ilan na ang nagtangkang mamikot sa kanya. Marami na siyang natanggap na indecent proposals, fan mails na may kalakip na panties and women who basically throw themselves at him.

He would admit that he really was a rascal when it came to women, because most of the time ay pinapatulan niya ang mga ito. But sometimes he drew the line. May mga rules din naman siya. Hindi siya pumapatol sa mga may-asawa dahil naka-experience na siya noong medyo bata-bata pa siya na sinugod siya ng asawa ng babae at muntikan nang mapatay. Hindi rin siya pumapatol sa mga babaeng sa tingin niya ay may kapalit na kasal ang pagbibigay ng sarili sa kanya. At lalong hindi siya pumapatol sa mga birhen dahil masyadong hassle ang mga ito the morning after.

Ang katuwiran niya ay consenting adults na silang lahat at ang mga babae naman ang lumalapit sa kanya. Kaya siguro nagkaroon siya ng reputasyon na bad boy sa hardcourt, babae at kama.

But right now, he was getting tired of the whole dating scene. Gusto niyang magkaroon ng kahit kaunting sandali ng katahimikan sa buhay niya. Mabuti nga sigurong sumama muna siya sa high school reunion nila.

# 3

"Hey, hey! Dra. Yammie Saracho is in the house!"

Nakikipagkamustahan si Yammie sa mga dating kaklase sa lobby ng hotel na titigilan nila sa loob ng dalawang araw nang marinig niya ang bati ni Rej mula sa likod niya. Bumaling siya upang batiin ang dating kaklase pero ang ngiti sa mukha niya ay biglang napawi nang matuon ang paningin niya sa lalaking naglalakad palapit sa kanila. Nanlaki at namutla rin ito pagkakita sa kanya. Si Bryan! *Bakit nandito siya? Akala ko ba'y hindi siya kasama?*

Her knees went weak. Parang gusto niyang himatayin. Her heart was beating too fast for its own good. Nilingon niya si Ernest and looked at him accusingly. Hindi nito sinabi na kasama pala ang sikat na basketball player.

"I'm sorry I didn't tell you, pero last minute ang ginawang pagpayag ni Bryan na sumama sa reunion at maging venue itong resort nila. But does it really matter? Nandito naman tayo para mag-relax at mag-enjoy, di ba?" bulong ni Ernest sa kanya.

Kaya naman pala biglang nagbago ang venue

ng reunion nila. Noong una kasi ay sa *Pontefino Hotel* lang ito gaganapin, pero three days ago ay nagpalabas ng bulletin ang reunion committee na sa *Fluffy Coral Island* na raw ang venue nila. Isa itong maliit na isla sa pagitan ng *Isla Verde* at Batangas. Ikinatuwa pa niya iyon dahil sikat ang *Fluffy Coral Island* sa pagiging exclusive at sa ganda ng beach. Ngayon lang niya nalaman na pag-aari ng pamilya nina Bryan ang isla. Hindi naman niya iyon nakakabigla dahil alam niyang ang pamilya ng lalaki ay ang isa sa mga 'old landed rich' sa lalawigan nila.

Pinilit niyang pakalmahin ang sarili. Tama naman si Ernest. Bakit ba siya magpapaapekto? Wala siyang dapat ikakaba dahil ang nakaraan ay nakaraan na. Wala na siyang dapat ikabahala dahil wala na siyang nararamdaman para kay Bryan.

Tiningan niya ulit si ang mukha ng binatang nagpaiyak sa kanya noon. Mukha namang mas nauna siyang nakabawi rito, mukha itong natuklaw ng ahas sa pagkakatayo sa likod ni Rej.

"Y-Yammie? As in, our c-classmate Yammie?" nauutal na sabi ni Bryan. Mukhang ngayon lang nito na-realize na siya, si Yammie Saracho, ang babaeng dalawang beses nitong pinahanginan, ay classmate nito noong high school.

Inakbayan siya ni Ernest. “Pare, kumusta? You remember Yammie?”

Kung wala siguro ang mga braso ni Ernest sa balikat niya ay tiyak na bumagsak na siya sa panlalambot ng mga tuhod niya. She leaned against him, trying to gain a little strength from her friend.

Bagaman halatang nabigla si Bryan ay nakabawi rin ito. Inilahad nito ang mga palad para makipagkamay kay Ernest and then he turned to her. She still was not prepared for the full blast of his charm when he looked at her and smiled. Lumabas ang dalawang biloy sa pisngi nito.

“Yammie, it’s been a long time! How you doin’?” ani Bryan.

Inilapit nito ang mukha, mukhang makikipagbeso-beso pa! Hindi man niya gusto ay napaatras siya. Mabuti na lamang at nasa balikat pa rin niya ang braso ni Ernest kaya napigilan siya. Lumapat ang labi ni Bryan sa pisngi niya. His warm breath tickled her cheeks and then his warm lips branded her cheeks as his. Nothing could have prepared her for this. Napasinghap siya at naamoy niya ang suwabeng pabango ni Bryan which titillated her already alert senses.

"Naughty girl," nakuha pa nitong ibulong sa kanya. Kumunot ang noo niya sa narinig. Marahil ang ibig sabihin nito ay iyong dalawang beses na pagkikita nila na pinagsupladahan niya ito at ang hindi niya pagpapakilala bilang high school classmate nito.

Kahit na nagsi-circus na ang puso niya, she tried to keep her expression pleasant when she looked at him na parang hindi narinig ang sinabi nito.

"I'm great!" She pasted a practiced smile on her lips. For the sake of peace and harmony sa reunion nilang iyon, ay hindi niya ito pagsusupladahan. Pero hindi ibig sabihin niyon na 'chummy-chummy' na sila.

The tension that enveloped everybody in the group seemed to have been broken when Yammie answered. Nagtawanan ang mga kaklase nila.

"Dioskeh! Akala ko hindi na naman kayo magpapansinan. Nakaka-tense!" palatak ng baklang si Rommel.

"So, what are we waiting for, guys? Nakahanda na ang lunch natin sa gazebo. Come on," nakangiting anyaya ni Bryan sa kanila.

Napapitlag siya nang hawakan siya nito sa siko

at igiya siya. Nahila na nito ang siko niya pero parang nakapako ang mga paa niya sa sahig. Napatingin sa kanya si Bryan. Nginitian siya.

Lumingon siya kay Brita. Nagmamakaawa ang mga mata. *Help!* Ang tanging sagot ni Brita sa kanya ay isang ngiti at tango. Wala na siyang nagawa kung hindi ang sabayan ang binata.

---

"Yammie, I think Bryan wants to donate sa foundation," ani Brita sa kanya habang nakahilera silang mga girls na nakahiga sa puting buhangin ng beach ng *Fluffy Coral Island*. Nakalatag ang mga sarong na hinihigaan nila sa buhangin. Pare-pareho silang nakasuot ng two-piece bikini at nagsa-sunbathing habang ang mga lalaki ay naghaharutan sa dagat.

Habang kumakain sila kanina ay narinig niya ang pag-uusap nina Bryan at Brita tungkol sa *Cancer Warrior Foundation*. Pareho sila ng kaibigan na active doon. Malapit sa puso nila ang mga batang may cancer na inaalagaan nila. Kahit na hindi sila nalinya sa Oncology ay passionate sila sa pagtulong doon. Nasa med school pa lamang sila ni Brita ay pareho na silang volunteer, hindi lamang pinansyal at medikal ang suporta nila. Pinapaligaya rin nila

ang mga bata sa pamamagitan ng mga recreational activities para sa mga ito. Hindi man lahat ng naroon ay nakakaligtas sa sakit na dulot ng cancer ay medyo napapapagaan naman nila kahit kaunti ang pasanin ng mga biktima at maging ang mga magulang ng mga ito.

Tumingin siya kay Brita na katabi niyang nakahiga. "Good for him. May mabuti naman pala siyang puso."

Napangiti ito sa sinabi niya. Bumangon at tiningnan siya. "Hindi mo sinabi sa akin na ganito pala kayaman si Papa Bryan. Milyonaryo pala 'yun? Nabanggit ko nga ang *CWF* sa kanya. Itinatanong kasi niya kanina kung ano iyong yellow ribbon sa shirt natin." Ang yellow ribbon na palaging nakapardible sa damit nila ni Brita ang paraan nila to show support for the foundation.

"Brita, huwag mong i-pressure si Bryan na mag-donate. Kilala kita, magaling kang mag-sales talk. Hayaan mong maging bukal sa puso niya ang pagtulong," aniya.

Alam naman ni Yammie na kailangang-kailangan nila ng donations pero ayaw niyang mamilit ng mga tao para lamang mag-donate ang mga ito.

"Wala namang masama kung hingan natin ng tulong ang tao. If I know, natatakot ka na kung magbibigay nga siya ng donasyon ay kailangang maging maganda ang pakikiharap mo sa kanya and before you know it, you're in love with him again. Akala mo naman hindi ko nahahalata ang tension sa pagitan ninyo ni Bryan. Halos hindi mo siya kausapin kaninang lunch, ah. Pa-cute nga nang pa-cute sa 'yo. Asikasong-asikaso ka pa niya kanina."

"Brits, huwag mong lagyan ng malisya." Umiwas siya ng tingin dito.

"Asus! Kunwari ka pa diyan! I bet may natitira ka pang feelings for Bryan kaya ganyan na lang ang ginagawa mong pag-iwas sa kanya. First love never dies, 'ika nga!" Nahiga na ulit ito sa tabi niya.

She just rolled her eyeballs sa kakulitan ng kaibigan pero may alarma siyang naramdaman sa tinuran nito. Nangako siya sa sarili kanina during lunchtime that she would try to be at least civil with Bryan pero iiwasan niya ito hangga't maaari. And now, she could feel herself going soft on her resolve na iwasan ito.

Wala sa loob na napatingin siya sa mga kaklaseng kaaahon pa lamang sa dagat at naglalakad palapit sa kanila. Tila namagneto ang mga mata niya kay

Bryan.

Kumabog ang dibdib niya nang makitang nakatingin din si Bryan sa kanya. He had that knowing look. Kahit sa malayo ay parang bistado ni Bryan ang pag-obserba niya rito. Naipikit niya nang mariin ang mga mata. They were several meters apart but the awareness between them was palpable.

Para siyang tanga. What was she thinking? Guilty lang siguro siya. She decided to lie on her front and sleep. Hindi pa man siya naiidlip ay naramdaman ni Yammie na may tumabi sa kanya sa nakalatag niyang sarong. Nakadapa na siya noon at nakapikit.

Pagbaling niya ng kanyang ulo ay nakahiga na si Bryan sa tabi niya. Her heart slammed into her ribs and started to beat unusually fast. She made a resolution to see a heart doctor pag-uwi niya ng Manila. She was experiencing the symptoms of a heart attack whenever Bryan was near.

Hindi siya mapakali sapagkat ang ulo ni Bryan ay nakabiling sa harap niya. Nakapikit ito kaya hindi niya napigilan ang sarili na titigan ang mukhang nagpaiyak sa kanya ng napakaraming gabi noong high school.

*I think it's the sun. I'm having a sun stroke kaya*

*nagkakaganito ako kay Bryan,* she convinced herself.

Mayamaya ay dumilat ang binata at nahuli siya nitong nakatingin dito. Nagulat siya at napahiya, walang maisipang gawin kundi ang pumikit at magtulug-tulugan.

"Hey, Yammie…" bulong ng katabi. Hindi niya iminulat ang mata kaya mayamaya ay tinapik na nito ang braso niya. When she opened her eyes, she saw him looking at her with something in his eyes. She could not put a name to it yet.

They were face to face. She was lying on her stomach and he was lying on his back. Ngumiti ito sa kanya and she could not help smiling back. Parang bulang naglaho ang inis niya para rito. She forgot her self-imposed rule na iiwasan si Bryan as much as possible. Pakiramdam niya ay sila lang dalawa ang tao sa beach.

Walang salita ang namagitan sa kanila. Basta nagtitigan lang sila, matamang minamasdan ang mukha ng isa't isa. Hindi niya alam kung gaano katagal ang lumipas. Siguro ay matagal din dahil parang na-sun burn na yata ang likod niya. Kung hindi pa tinapik ni Ernest ang likod niya, siguro they could go on looking at each other forever.

"Hoy, Yammie! Gumising ka nga! Tustado ka na! Tumayo ka diyan at samahan mo akong maligo sa dagat." Nagmadali siyang tumayo at sumabay kay Ernest papunta sa dagat.

"Mag-ingat ka kay Bryan. Kanina ka pa tinititigan ng lalaking 'yon, wala kang kamuwang-muwang. Akala mo ba ay hindi ko napansin ang paghiga niya sa tabi mo tapos less than a foot lang ang layo ng mukha ninyo sa isa't isa? At hindi natulog ang loko. Basta nakatitig lang sa 'yo. Kanina ko pa nga gustong tapunan ng buhangin ang mga mata niya para mapuwing at tumigil sa kakatitig sa 'yo. Baka kung anu-ano nang pantasya ang pumasok sa kukote ng lalaking 'yon."

Nanlaki ang mga mata ni Yammie at nag-init ang pisngi dahil guilty rin siya sa iniaakusa nito kay Bryan. Upang hindi makahalata si Ernest sa guilt niya ay sinabuyan niya ito ng tubig. Nabigla man ay gumanti rin ito. Mayamaya pa ay para na silang mga batang naglalaro. She had always been comfortable with Ernest. Unlike with Bryan na parang hindi niya alam kung paano siya kikilos.

"Eherm!" Narinig niya ang malakas na pagtikhim na iyon. Napalingon sila sa pinanggalingan niyon.

"Uy, Bryan! Andiyan ka pala," mapaklang bati ni Ernest.

Lumangoy palayo sa dalawa si Yammie matapos niyang ngitian si Bryan.

"Hoy, Yammie! Huwag kang lumayo! Floating lang ang alam mong langoy!" sigaw ni Ernest.

Nag-unahang lumangoy ang dalawang lalaki papunta kay Yammie. Bryan was a better swimmer than Ernest kaya nauna itong nakalapit sa dalaga. Si Ernest naman ay nawalan ng interes sa kanila nang makita si Brita at ang iba pang kaklase na nasa may pampang.

Yammie did not expect na kakabigin siya ni Bryan at ikukulong sa mga braso nito. Wala siyang nagawa kundi ang mapasinghap. Natetensyon na naman siya.

Hindi niya napansin na lumalangoy si Bryan papunta sa malalim at kasama siya. Nang maramdaman niyang hindi na lumalapat ang paa niya sa buhangin ay napakapit siya sa balikat nito. Medyo natatakot na siya dahil hindi talaga siya marunong lumangoy. Ang hindi lang niya maintindihan ay kung natatakot ba siya sa pagkalunod o natatakot siya kay Bryan mismo.

"Bryan! Huwag tayong lumayo, malalim na dito!" Halata ang takot sa mga mata ni Yammie.

Nginitian lamang siya ng binata. "Don't worry, honey. I'm here. I won't let you go."

Napatitig siya rito. "Natatakot na ako, Bryan! Bumalik na tayo sa kanila." Tumingin si Yammie sa mga kasama nila na nasa malapit sa pampang. Parang napakalayo na nila sa mga iyon.

"Huwag kang matakot. I won't let you go. I just need to talk to you about something."

"Talk? Puwede naman nating gawin iyon sa may pampang. Doon na lang tayo mag-usap, please!"

"Actually, ayaw kong may makarinig sa pag-uusapan natin."

Malapit na siyang mapika rito. May talk-talk pa itong nalalaman, wala naman silang dapat at puwedeng usapan. Ibinuka na niya ang labi upang paulanan ito ng inis niya pero nagulat siya sa sunod na sinabi nito.

"Will you be my fiancée?"

Parang tinusok ng aspile ang gulugod niya sa narinig. *Hindi! Hindi tama ang narinig mo, Yammie! He is not asking you to be…*

Isa lamang ang naisip niyang gawin: ang magtanga-tangahan.

"Piyansey? Ano 'yun?"

Napahagalpak ito ng tawa. "I know you know what it means, sweetheart. But okay, let me just explain it to you. I need someone who will act as my fiancée dahil hindi ko na alam kung paano ako titigilan ni Carissa. She's getting to be such a pain in the ass."

Nakakunot man ay tumango si Yammie.

"Hindi lang naman si Carissa ang problema. Hindi naman sa pagmamayabang pero women keep throwing themselves at me. I'm getting tired of trying to evade them. I'm also out of any shunning tactics. I know they want me because they see me as Bryan, the basketball star and I'll be just another notch in their belt."

Hindi siya makapaniwala sa naririnig dito. What kind of man in his right frame of mind would not want women throwing themselves at him? Bigla siyang natigil sa iniisip. Unless, the man is… *Oh my God!*

"A-are you gay?" bulalas ni Yammie. Namimilog ang mga mata.

“What? No!” napalakas nitong pagtanggi.

Mabilis na gumana ang utak ni Yammie. *Kung hindi siya bading, ibig sabihin…* Hindi niya mapigilang maawa rito. For a man so virile-looking… *What a shame!*

“Are you…Can you…you know?” Hindi niya maituloy ang sasabihin. Bahagya siyang lumayo rito. Tumingin sa ilalim ng dagat sa may dako ng pundilyo nito.

“What!” He sounded exasperated but when he realized what she meant, his body went rigid.

“Are you out of your mind? Are you asking if I’m impotent?”

Nang tumango si Yammie ay bigla siya nitong kinabig at idinikit sa katawan nito until she felt something hard against her thighs. Nag-init ang mga pisngi niya. She got his answer. Medyo itinulak niya ito palayo.

He sighed. “Now, woman, you’re making me crazy. Please listen. I heard you’re involved with the *Cancer Warrior Foundation*. Alam ko naman na ang mga ganyang foundation ay laging nangangailangan ng financial support. If you’ll agree to pretend to be my fiancée, I’ll donate one million.”

Namilog ang mga mata ng dalaga. It was like he was dangling a carrot to a rabbit. She was really tempted.

"I know that isn't much but I guess it will still help the foundation. I just want to enjoy this vacation without the hassle of putting off women. I just need a woman who would always be beside me and who will act like she's my girlfriend. In that way, women will get the message that I'm taken so they will think twice before they approach me."

"Ah, parang no entry o kaya mag-ingat sa mabangis na aso sa loob?"

Natawa ito sa sinabi niya pero may kakaibang kislap sa mga mata nito na hindi niya mabasa. Parang seryoso talaga ito. And it bothered her a little, because she knew that she wanted to accept his offer. Hindi lang dahil malaki ang maitutulong nito para sa *CWF,* kundi parang ang puso niya ang nagbubulong na tanggapin ito.

However, the rational voice in her head was shouting, *Don't accept it if you know what's good for you!*

"Uhm, puwede bang isipin ko muna?" *I think I need to consult with my heart first.*

Napabuntong-hininga si Brian. "Ganito na lang para mas klaro. For the duration of this vacation, if you agree to be my fiancée, I will donate a million. But if you agree to be my fiancée for a month, I will donate five million."

Nalaglag ang panga ni Yammie. She let out a squeak. He was so unfair! Alam nitong malaki ang pangangailangan ng foundation and he was using her weakness as bait. Hindi basta-basta mapupulot ang isang milyon, lalo na ang limang milyon.

"I just really need your help. Tiyak na pagbalik ko sa pampang ay parang mga langaw na naman ang mga babaeng 'yan na magsisidapuan sa akin. Kung hindi lang kita kasama ngayon, I bet in a split second ay nandito na iyang mga 'yan. Tingnan mo."

Inilibot niya ang mga mata sa paligid at mukhang totoo nga ang sinasabi nito. Exclusive man ang resort ay may mangilan-ngilan ding guests. Halos lahat ng babae ay nakatingin sa kanila at parang gustong magsilapitan. Nanlaki ang mga mata niya nang may isang babae na naka-red bikini ang nagkalakas ng loob at lumangoy papunta sa kanila. Napatingin siya kay Bryan.

"But why me? Marami namang ibang babae diyan."

"Dahil sa tingin ko ay mapagkakatiwalaan kita."

Kumunot ang noo ng dalaga. Hindi siya makapaniwala sa sagot nito but she was also a little bit disappointed with it. Gusto niyang itanong dito kung iyon lang ba talaga ang dahilan.

"Kung pumayag ako, ano'ng kailangan kong gawin?"

"Well, of course, you will need to guard me from those women. We have to show up in public as a couple. In short, gagawin natin ang lahat ng ginagawa ng magnobyo."

Naguguluhan pa siya kaya hindi pa siya makapagdesisyon. Malabo sa kanya kung ano ang ibig sabihin nito.

Malapit na ang babae in red bikini kaya pinandilatan niya ito ng mga mata, warning her off. Pero talagang pursigido ang babae, lumapit pa rin ito sa kanila.

"Hi, Bryan!" anang matinis na boses ng babae.

"Oh, hi!" sagot naman ng binata.

"Mind if I join you?" Lalong nanlaki ang kanyang mga mata.

Napatingin siya sa lalaking nakayakap pa rin sa kanya. Naiinis na siya sa babae dahil nakakaabala ito sa pag-uusap nila.

"Miss, I'm sorry but I do mind. My fiancé and I want to enjoy some quality time… *alone*." Idiniin pa niya ang huling salita. Unconsciously ay napahigpit ang pagkakayakap niya kay Bryan.

Napaawang ang bibig ng babae pero nang mabawi nito ang composure ay nagpaalam ito at lumayo na rin.

"See, that was easy, right?" Nakangisi sa kanya ang lalaki.

Naitulak niya ito. "Hoy, mister, hindi pa ako pumapayag! Tinulungan lang kita pero one time lang iyon 'no!"

"Nagawa mo na. Kakalat na 'yon. You know how tsismis goes, it spreads like wild fire."

Naiinis si Yammie. She wanted to wipe the smile of satisfaction on his lips. Sinabuyan niya ito ng tubig. Gumanti rin ito sa kanya.

"Okay. But only for this vacation. Iyong one month, pagbalik na natin ng Manila saka ko sasabihin ang desisyon ko."

Naramdaman niya na nakahinga ito nang maluwag. He gave her a brilliant smile. “Fair enough. And now, to show you my gratitude, I have a surefire way of making you lose your fear of drowning. Take a deep breath and then we’ll go under, okay?”

Hindi na niya namalayan na kanina pa pala siya nakayakap kay Bryan. Her arms were still around his neck. Kahit natatakot ay para siyang bata na sumunod naman sa pinagagagawa nito. And then Bryan pulled her under the water and kissed her. The shock of his lips on her was electrifying. She was about to respond nang napaungol siya kaya naibuga niya ang inipong hangin sa dibdib.

This was her first kiss at halos mapugto na ang kanyang hininga tapos nahaluan pa ng takot niyang malunod. Hindi siya makapaniwala sa ginawa nito, nagpumiglas siya paakyat. Bahala nang hindi siya marunong lumangoy. She had never imagined her first kiss to be like that. She thought it would be soft and sweet. Not salty!

Napaubo siya dahil nakainom siya ng tubig. Hinawakan siya ni Bryan sa baywang upang lumutang siya. Ang mga mata niya ay hilam pa sa tubig-dagat kaya panay ang kuskos niya ng mukha. Nang mahimasmasan ay naningkit ang mga mata

niya. The kiss was only a few seconds but it scared the hell out of her.

"You! Why did you do that?" singhal niya.

Bryan gave her a devilish grin. "You agreed that we will do what normal couples do. We kissed. I think that's normal enough."

"Wa—! Ba—! Aba—!" Hindi niya maituloy ang mga dapat niyang sabihin. Huminga siya nang malalim. She was torn between indignation and something she could not explain. "Dalhin mo na ako sa kanila! Now!"

Sa inis ni Yammie ay dumerecho na siya sa beach kung saan naroon ang sarong niya at napagpasyahang mag-sunbathing ulit. Gusto niyang lumayo kay Bryan.

"'Uy, sorry na." Nagulat pa siya sa narinig na tinig mula sa likuran niya. Hindi niya inakala na nakasunod pala si Bryan sa kanya. Tinalikuran niya ito ulit at padabog na naupo sa sarong niya. Naupo naman ito sa tabi niya. Hinila niya ang sarong na inuupuan nito.

"Tsupi!" singhal niya.

Natawa naman ito sa ginawi niya. "Hanggang

ngayon, Miss Suplada ka pa rin talaga. Sorry na nga. Huwag ka nang magalit sa akin. Ang aga-aga, nag-e-LQ na tayo."

"Anong LQ ang pinagsasabi mo diyan? For your information, hindi tayo lovers!" nanlilisik ang mga matang sabi niya.

Bubulong-bulong naman ito. "Hindi daw, fiancée nga kita."

"Aargh! You're an insufferable oaf! Don't make me regret my decision!" impit na sigaw niya. Sa inis niya ay dumapa na lamang siya. Balak niyang matulog na lang. Dededmahin na lamang niya ito.

Mayamaya pa ay naramdaman niya na naglalandas ang hintuturo nito sa hubad na likod niya. Nagtayuan lahat ng balahibo niya sa katawan.

"You're all red, love. Let me put some sunblock lotion on you."

Sa narinig niya ay bigla niyang hinablot ang bag kung saan nakalagay ang sunblock niya at kinipkip iyon. Ang lakas ng tawa ng lalaki. Nakipag-agawan pa ito sa kanya.

Bumalikwas siya ng bangon, pinandilatan ito.

"D-don't you dare!" nanginginig niyang angil.

“Scared?” Nanunukso maging ang ngiti ni Bryan. Halos umusok na ang ilong at tainga ng dalaga sa inis. Ang nakikita siguro nitong pamumula ng balat niya ay dahil sa galit. He did not need to know that he could affect her with just a mere touch of his hand. Dumapa siya muli at nagkunwaring matutulog. Bryan took it as her consent.

Para siyang kinuryente sa pagdikit ng kamay ng binata sa kanyang likod. Wari ay may lambing ang mga haplos nito sa kanyang likod. Hindi niya maintindihan ang kakaibang init na dumadaloy sa kanyang buong katawan. Pakiramdam niya ay hindi na niya matatagalan ang mga nakakakiliti nitong haplos sa likod niya kaya pinigil na niya ito.

“T-tama na. O-okay na ’yan.” She was flustered.

“H-hindi pa tapos.” May garalgal ang tinig ni Bryan.

Nanginginig na ang kalamnan niya at nanlalambot ang tuhod. The atmosphere was so electric. The sensuous spell that Bryan expertly weaved around them was cut when they heard Rommel.

“Hoy! Ano ba! Hindi ba kayo nagugutom? Tara na!”